


とよはし し りつ
豊橋市立 _____ 中 学 校

Toyohashi Municipal _____ Junior High School

にゅうがく て び
入学の手引き

Patnubay sa Pagpasok sa
Paaralan



じゅうしょ
住所 : Address

でんわ
電話 : Telephone

FAX : FAX

MGA NILALAMAN

1. Pamumuhay sa Junior High School	
.....	1
2. Kurikulum	
.....	2
3. Aktibidad sa Paaralan	3
4. Kurso matapos mag- graduate	
.....	4
5. Koleksyon ng Bayarin sa Paaralan	5
6. Mensahe mula sa Nurse Office	6
7. Rekomendasyon ng Pag-aaral sa Bahay	
.....	7

Pamumuhay sa Junior High School

1. Iskedyul

- Unang bell: _____ :
- Umpisang oras: _____ : _____ (aktibidad sa umaga)
- Ang oras ng pag-alis sa paaralan ay batay sa paglubog ng araw at nagbabago bawat season.

2. Paraan ng pagpasok

Maglakad sa paaralan sa itinakdang ruta papunta at pauwi mula sa paaralan.

3. Kung mag-aabsent o male-late

Kailangang tumawag sa paaralan bago magsimula ang klase(8:15).

4. Uniporme

(1) Lalaki: Taglamig : Itinalagang school uniform (hindi kailangan ng sombrero)

Tag-init: Itinalagang puting T-shirt ng paaralan

(2) Babae: Taglamig : Itinalagang school uniform

Tag-init : Itinalagang school uniform

(3) Emblem/Name Badge :

Idikit sa kaliwang bulsa sa dibdib *Ang name badge ay inoorder sa paaralan.

(4) Medyas : Puting medyas

5. Uniporme para sa Physical Education✳Itinalaga sa paaralan

(1) P.E. shirt, short sleeves and long sleeves

(2) Sweatshirt and sweatpants / P.E. suit (jersey)

(3) P.E. shorts (babae at lalaki)

6. Sapatos

Sapatos papasok at pauwi (sneakers)

Indoor shoes

Gymnasium shoes

7. Bag na dadalhin papasok at pauwi

Mga tindahan kung saan maaaring bilhin ang mga damit na itinalaga ng paaralan:

Kurikulum

	Grade 7	Grade 8	Grade 9		Grade 7	Grade 8	Grade 9
Japanese	4	4	3	Integration	1.4	2	2
Social Studies	3	3	4	Moral Educ.	1	1	1
Mathematics	4	3	4	Class Activities	1	1	1
Science	3	4	4	Discretionary	1	1	1
Music	1.3	1	1	Total	30	30	30
Arts	1.3	1	1				
Physical Education	3	3	3				
Technology & Home Economics	2	2	1				
English	4	4	4				

Klase ng Junior High School

©**Iba't ibang subject na itinuturo ng iba't ibang guro**

Magpapalit ng gurong magtuturo bawat subject. Kumporme sa subject, magkakaiba ang daloy ng lesson at assignment.

©**Oras ng klase**

Sa ibang paaralan, nagbabago ang oras ng umpisa ng klase at oras ng klase sa pagitan ng summer at winter. Summer: 50 minute classes / Winter: 45 minute classes

©**Evaluation:**

Sa loob ng isang taon, may iba't ibang nakaiskedyul na regular test. Ang pagsusuri ng mga grado ay gagawin sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng scores sa test, skill test, pag-uugali ng bata sa klase at pagpapasa ng takdang-aralin.

Panukala laban sa School Refusal at Bullying

Sa paaralan, bilang panukala, upang makaiwas sa school refusal at bullying ay inaalang ang attendance at nagsasagawa ng klase upang masanay sa paaralan at nagbibigay ng mga payong suporta kasama ang mga counselors at lifestyle support instructors. Bukod dito, ang mga Psychological counselor sa Toyohashi City at ang mga pasilidad sa labas ng kampus na tulad ng " TOYOHASHI HOTTO PLAZA " ay nakikipagtulungan sa isa't isa upang suportahan ang mga estudyante sa maraming paraan.

Aktibidad sa Paaralan

Periodic tests	Month:		
Entrance Ceremony	Month:	Field Trip	Month:
Outdoor Activity	Month:	In-school Competition	Month:
Sports Festival Day	Month:	Culture Festival	Month:
Choral Competition	Month:	Farewell Party for Grade 9	Month:
Graduation Ceremony	Month:		Month:
Grade 7	(camping)	Month:	
Grade 8	Aktibidad para sa karanasan sa pagtatrabaho(on the job training)	Month:	
Grade 9	School Trip	Month:	
	Welfare experience activities	Month:	

Mga aktibidad ng Club

☉Pagpili ng nais salihang club:

Pumasok sa club na nais pasukan. Ang halaga ng mga gastusin ay magkakaiba ayon sa club. Kailangang bayaran ang mga gastos para sa mga aktibidad ng club.

☉Mga araw ng aktibidad:

Lunes hanggang Biyernes, pagkatapos ng klase ang oras para sa mga aktibidad ng club. Ang mga araw ng aktibidad ay magkakaiba bawat club. May club na may aktibidad sa araw ng Sabado, Linggo, holidays, at mahabang bakasyon tulad ng summer and winter vacation.

☉Turnamento (kompetisyon):

Tuwing summer, madalas ganapin ang General Sports, First Year Sports tuwing autumn, at ang kompetisyon na kinikilalang opisyal ng Toyohashi Municipal Board of Education.

Kumporme sa paaralan, ang club dept. ay magkakaiba

Sports Clubs		Culture Clubs
Baseball	Soft Tennis	School Band
Track and Field	Table Tennis	Choir
Soccer	Swimming	Art
Basketball	Kendo (Japanese fencing)	Computer
Volleyball	Judo	Home Economics
Handball	Kyudo (Japanese archery)	Taiko (Japanese drums)

Kurso matapos maka-graduate

Ang mga sumusunod ay ang estado ng mga foreign students na nagtapos noong nakaraang school year 2018(Heisei 30) (taon na nag-graduate March 2019)

Sa loob ng 154 na estudyanteng nagtapos, 132 na estudyante ang nagpatuloy ng pag-aaral sa Senior high schools at vocational schools.

Prefectural High Schools	number	Municipal High School	Number
Toyohashi Minami	1	Toyohashi	53
Yutakagaoka	3	Private Schools	Number
Toyohashi Nishi (General Corse)	6	Sakuragaoka	11
Toyohashi Nishi (Special Exam for Foreingers)	6	Toyohashi Chūō	5
Toyohashi Kōgyō	11	Fujinohana	6
Seishō	2	Aichi Sangyō Daigaku Kōgyō	1
Toyohashi Shōgyō	3	Sasada Gakuen	1
Toyohashi Higashi	2	Daiichi Gakuin	1
Gamagōri Higashi	3	Vocational Schools	9
Okazaki	1	Brazilian school, Other	5
Chikusa	1	Job, Other	22
Hamamatsu Enoshima	1		

Sa pagpapatuloy ng pag-aaral ng mga Foreign Students

- Sa mga nagdaang taon, dumarami ang mga foreign students na nagpapatuloy ng pag-aaral sa Senior high school. Mas may advantage ang mga nakatapos ng Senior high school sa paghahanap ng trabaho.
- Huli na kung sisimulang pag-isipan ang plano kung Grade 9 na. Kailangan sa oras na magsimulang pumasok sa Junior high school ay simulan ang pagpapalano.
- Sa pagkuha ng entrance exam, isasaalang-alang din ng Senior high school na gustong pasukan ang attendance, behavior sa klase, at behavior sa pamumuhay sa paaralan. Iwasan ang mag-absent sa paaralan.

Istorya ng foreign student na nagtapos sa Japanese school

"Noong pumasok ako ng Grade VII, nag-alala ako ng lubos dahil wala akong alam sa salitang hapon at kultura ng Japan. Naging masaya ang pamumuhay ko sa paaralan nang unti-unti akong natutong magsalita ng Japanese. Matapos kong maka-graduate ng Junior high school, pumasok ako sa part time senior high school, pinili kong mag-aral habang nagtatrabaho. Madalas dahil sa pagod ay naiisip kong mag-absent, ngunit kahit mahirap, nagsikap ako hanggang matapos. Sa kasalukuyan, nagtatrabaho ako bilang interpreter. Kapag walang pasok sa trabaho ay namamasyal ako kasama ang mga naging kaibigan ko sa paaralan. Sa ngayon ay kuntento ako sa aking pamumuhay. Magsikap kang makatapos ng pag-aaral hindi para sa magulang, hindi para sa kung kanino man kundi para sa iyong sarili. Mangarap at magsikap upang matupad ang mga pangarap."

Tungkol sa Pagkolekta ng Bayarin sa Paaralan

- Automatic bank transfer tuwing ika-_____ araw ng buwan.
 Ang bayarin ay higit kumulang 8,000 – 9,000 yen bawat buwan.
 *Sa umpisa ng taon ay maaaring mas higit sa nakasulat ang bayarin.
 Kasama dito ang school lunch fees, school supplies fees, PTA fees, etc.
- Maaaring gamiting bank account; "regular savings account" (*futsū yokin kōza*)
 Bankong itinalaga ng paaralan:
- Tingnan ang sample form sa pagsulat ng form.

Tungkol sa Entrance Ceremony

- Petsa: _____/_____/_____ (year/month/date)
- Programa:
 - Announcement ng klase 8:10
 - Tanggapan 8:10-8:30
 - Pagsisimula ng pagpasok 8:50
 - Simula ng Ceremony 9:00
- Iba pa;
 Ipadala ang "Guide to the Enrollment Ceremony" (*nyūgaku-shiki no go-annai*) sa buwan ng March, bago ang graduation day ng Elementary school.

Tumawag po lamang para sa mga tanong at mga bagay na nais ihingi ng payo:

(1) Toyohashi Shiritsu _____Chūgakkō ☎ (0532) —

Person in charge: _____

(2)School Education Division
 (Toyohashi City Hall, East bldg. 11th floor) ☎ (0532)51-2827

(3)Consultation corner para sa mga batang banyaga.
 (Toyohashi City Hall, East bldg. 11th floor) ☎ (0532)51-2077

■ Konsultasyon sa Portuguese

Monday	Tuesday	Wednesday	Thursday	Friday
9 : 00 ~ 16 : 00				

■ Konsultasyon sa Spanish at Tagalog

Monday	Tuesday	Wednesday	Thursday	Friday
	Spanish 11 : 00 ~ 15 : 30	Tagalog 11 : 00 ~ 15 : 30		

■ Konsultasyon para sa simpleng Japanese

Monday	Tuesday	Wednesday	Thursday	Friday
13 : 00 ~ 17 : 15				

Pakiusap galing sa Nurse's Office

Nalalapit na ang araw ng pagtatapos sa Elementarya, maaaring ang dibdib ng mga magulang at mga bata ay puno ng pag-aalala at ekspektasyon araw-araw. May ilang payo ang school nurse upang ang bata ay magkaroon ng masaya at kumpletong pamumuhay sa Junior high school.

Dokuritsu Gyōsei Hōjin Nihon Sports Shinkō Center **(National Institute of Japan Sports Council)**

Ang school insurance system na ito ay benepisyo para sa gastusing medikal na kailangan sa oras ng hindi inaasahang kalamidad (aksidente) sa ilalim ng pangangalaga ng paaralan. Makakatanggap ng benepisyo ang nagbayad ng ¥ 5,000 pataas sa kabuuang pagpapagamot (kapag ginamit ang health insurance, ito ay higit kumulang ¥1500)

- (1) Annual Premium ¥460 for the school year
- (2) Enrollment/Consent Form Valid for 3 years

Lahat ng estudyante sa Toyohashi ay naka-subscribed(sa kasalukuyan, naka-subscribed rin ang lahat ng elementary schools) sa insurance plan.

Bago pumasok ang bata sa paaralan, mangyari po lamang i-check ang kondisyon ng inyong anak.

Obserbahan ang hitsura at asal ng bata bago pumasok sa paaralan. Kung may kakaiba sa bata, kausapin, sukatin ang temperature, alamin ang dahilan at magdesisyon kung papapasukin ang bata sa paaralan.

Tungkol sa pagresponde ng school nurse sa nurse room

(1) Sa kaso ng sugat o pinsala:

Ang sugat o pinsala na kayang gamutin sa paaralan ay sa nurse room gagamutin. Kapag natukoy na kailangang ipagamot sa ospital, dadalhin ang bata sa malapit na ospital upang ipagamot. Bago dalhin sa ospital ang bata, ang paaralan ay susubukang tumawag sa magulang/tagapag-alaga. Kung sakaling hindi makontak ang magulang/tagapag-alaga, ang paaralan ay tatawag muli matapos dalhin ang bata sa ospital.

(2) Sa kaso ng pagkakasakit:

Sa kasong ang bata ay hindi kayang mag-attend ng klase dahil sa lagnat, tatawagan ang magulang/tagapag-alaga at pauwiin ng maaga ang bata.

Sa kasong masama ang pakiramdam ng bata, pagpapahingahin sa nurse room ang bata ng isang oras at obserbahan. Pagkalipas ng isang oras at hindi nanumbalik ang sigla ng bata, pauwiin ng maaga.

Walang gamot na ibibigay sa bata.

(3) Kapag pauwiin ng maaga ang bata:

Sa kahit anong kaso, kapag pauwiin ang bata, tatawag ang paaralan sa magulang/tagapag-alaga.

(4) Emergency Contact Information

Tatawag ang paaralan sa magulang/tagapag-alaga kapag ang bata ay nasugatan o nagakasakit. Subalit may mga kasong hindi makontak ang magulang/tagapag-alaga dahil nagpalit ng telepono, at iba pang dahilan. Pakiusap po lamang na isulat sa "Home Environment Survey" (*Katei Kankyō Chousa-hyou*) at "Health Card" (*Kenkou Kaado*) ang numero ng teleponong siguradong makokontak. At kung may pagbabago sa numero ng telepono, pakiusap po lamang na ipaalam kaagad sa homeroom teacher ng inyong anak.

Rekomendasyon sa pag-aaral sa tahanan para sa Junior High School student

Sa junior high school maraming homework ang ibinibigay araw-araw. Sa paggawa ng homework araw-araw, makakatulong ito upang magkaroon ng pansariling study habit. Kailangan ang pag-aaral sa tahanan para sa pagpapatuloy ng pag-aaral sa senior high school.

- (1) Lahat ng junior high school ay may ibinibigay sa mga estudyante na "*Seikatsu Nikki*," isang notebook kung saan isusulat ng bata ang iskedyul araw-araw. Sa notebook na ito ay kailangan tiyaking maisulat ng bata ang iskedyul at assignment para sa susunod na araw at importanteng hindi makalimutang maghanda para sa klase sa susunod na araw. Higit pa rito, gagamitin din ito upang isulat araw-araw ang diary. Kung sakaling hindi pa sanay sumulat sa Japanese, maaaring mahirap sa umpisa. Ngunit sa pagsusulat araw-araw, ito ay makakatulong upang mapabuti ang kakayahan.
- (2) Sa junior high school ay may mga pare-parehong assignment bawat grado. (Karamihan ng paaralan ay tinatawag itong "*heijitsu kadai*" at "*kyuujitsu kadai*.") Kailangan ng isang oras para sa paggawa ng mga assignment araw-araw.
- (3) May mga assignment din bawat subject. Halimbawa, sa English class, pagsasanay sa pagsulat ng vocabulary words, isang pahina ng notebook araw-araw; sa Japanese, pagsasanay sa pagsulat ng kanji, isang pahina ng notebook araw-araw. Ang Kanji at English vocabulary ay mahirap tandaan kung hindi isusulat nang paulit ulit, kung kaya madalas magbigay ng assignment para sa repetitive practice. Bawat subject ay may assignment ding tinatawag na "*kyouka work*". Ang assignment na ito ay kadalasang ginagawa sa tahanan kaysa sa oras ng klase.
- (4) Mayroon ding assignment na tinatawag na "*Tangen matome print*" (Unit Summary Print). Isa itong test format at naaayon sa unit ng textbook.

Sa junior high school, ibinibigay din sa mga estudyante ang mga "sagot" para sa mga assignment. Maaaring gawin ayon sa sariling kakayahan habang hindi pa sanay sa Japanese. Halimbawa, sa math assignments, maaaring i-solve ang calculation problems sa sariling sikap nang hindi tumitingin sa sagot, at para sa word problems, maaaring tingnan ang sagot, kopyahin lamang ang formula at gawin ang calculation sa sariling sikap. Ito ay makakatulong para sa kakayahang pang-akademiko na naaayon sa grado. Para sa Japanese at social studies, sa halip ng pagtanggap na gawin ang mga assignment dahil hindi maintindihan ang Japanese, maaaring tingnan ang sagot at kopyahin. Sa paggawa ng maraming assignment, makakatulong ito upang magkaroon ng pansariling study habit at sa katagalan, mapapabuti ang kakayahang pang-akademiko. Sa karagdagan, ang "Submission" ng mga assignment ay importante para sa junior high school students. Ang grades sa junior high school ay hindi lamang sa resulta ng test manggagaling, replekado rin ang "Submission" ng mga assignment bawat subject. Lalong lalo na, kailangang tiyak na hindi makalimutang ipasa ang "*Kyouka Work*" assignment bago ang regular tests.

Para sa mga magulang at tagapag-alaga

Tulad ng nakasaad sa itaas, maraming assignments ang binibigay sa junior high school bilang homework. Masasabing kahit saang bansa, pareparehoong binabanggit ang "habang bata, kailangang mag-aral". Kung sakaling ang inyong anak ay hindi nakikitaan ng pag-aaral sa tahanan, manggayari po sanang tanungin ang inyong anak tungkol sa kanyang assignment at hikayatin ang batang mag-aral.